REPUBLIKA NG PILIPINAS
REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
KAGAWARAN NG EDUKASYON, KULTURA AT ISPORTS
DEPARTMENT OF EDUCATION, CULTURE AND SPORTS
DECS Complex, Meralco Avenue
Pasig City Philippines

PHILIPPINES 2000
*Sama-Sama sa DECS*

*Tanggapan ng Kalihim*
*Office of the Secretary*

Pebrero 11, 2000

**MEMORANDUM PANGKAGAWARAN**
**Blg. 62, s. 2000**

PAMBANSANG SEMINAR-WORKSYAP SA IBA'T IBANG PERSPEKTIBA SA PAGTUTURO NG WIKA SA BAGONG MILENYO

Sa mga Direktor Panrehiyon
Tagapamanihala ng Pampubliko at Pribadong Paaralan
Chairman, CHED

1 Ang Departamento ng mga Wika ng Pilipinas ng Kolehiyo ng Malayang Sining ng Pamantasang De La Salle-Maynila, sa taguyod ng Komisyon sa Wikang Filipino, ay magdaraos ng isang Pambansang Seminar Workyap sa "Iba't ibang Perspektiba sa Pagtuturo ng Wika sa Bagong Milenyo" na gaganapin sa Tanghalang William Shaw, DLSU Taft Avenue, Manila, mula Mayo 3 hanggang 5, 2000

2 And pangkalahatang paksa ng pambansang seminar-worksyap ay "Balikatang Titser-Estudyante-Pamayanan Tungo sa Lalong Pag-unlad ng Karunungan sa Wika

3 Pagkatapos ng tatlong araw na seminar worksyap, inaasahang ang bawat partisipant ay

a. higit na napataas ang antas ng kakayahan sa pagtuturo ng wika,
b lalong napalawak ang ugnayang pamayanan-akademya tungo sa karagdagang karunungan ng mga mag-aaral at
c higit na napaunlad ang kaalaman sa aplikasyon ng iba't ibang istratehiya sa pagtuturo ng wika sa iba't ibang disiplina

4 Inaanyayahang dumalo sa seminar-worksyap na ito ang kinatawan ng mga tanggapang sentral ng DECS, Komisyon ng Lalong Mataas na Edukasyon, panrehiyon at pansangay na tagamasid/tagapag-ugnay/tagapangulo ng departamento sa Filipino at guro sa Filipino sa lahat ng antas ng edukasyon sa mga institusyong publiko at pribado

5 Ang mga dadalo ay magbabayad ng Dalawang Libo Walong Daang Piso (P2,800 00) na ilalaan sa gugulin para sa kit, hand-awts, sertipiko ng pakikilahok at pagdalo, tatlong tanghalian at anim na meryenda (umaga at hapon) at pasilidad/awditoryum para sa pagpapatakbo ng seminar-worksyap Ito y manggagaling sa kanilang sariling pondo Ang mga guro mula sa pampublikong paaralan ay maaaring dumalo sa opisyal na oras lamang

6 Hinihiling ang maaga at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito sa mga kinauukulan.

Andrew Gonzalez
ANDREW GONZALEZ, FSC
Kalihim

Sanggunian
Wala

Pamumudmod 1- (D O 50-97)

Ilalagay sa <u>Palagiang Talatuntunan</u>
sa ilalim ng mga sumusunod na paksa

Learning Area, FILIPINO
OFFICIALS
SEMINARS
SOCIETY or ASSOCIATIONS
WORKSHOPS